ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 20
Oktubre 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Palawakin ang kilusang protesta para wakasan ang rehimeng US-Marcos!

Patuloy na niyuyugyog ng pampulitikang krisis ang reaksyunaryong estadong pinatatakbo ng mga burukrata-kapitalista. Hindi humuhupa at maya't mayang sumisilakbo ang galit ng masa sa nabubunyag na mas maraming kaso ng korapsyon. Hindi nauupos ang kilusang *walkout* ng mga estudyante, bagkus ay kumakalat pa sa mga unibersidad sa Maynila at iba pang bahagi ng bansa. Lumalaganap ang pagkilos ng mga grupong sibiko, taong simbahan, manggagawa, maralita at iba pang sektor.

Malalawak na alyansa ng mamamayan ang naitatatag na desididong kamtin ang katarungan para sa bayang biktima ng kriminal na korapsyon. Nagbangon na ang isang malapad at makapangyarihang kilusang bayan na yayanig sa rehimeng US-Marcos at magwawakas sa paghahari ng mga burukrata-kapitalistang pangkating nasa poder.

Nagmamalinis at umaarte si Marcos na nagugulat o galit sa mga mangungulimbat. Walang katuturan sa taumbayan ang sikretong imbestigasyon ng binuo niyang "independent commission" na klarong walang ibang pakay kundi pagtakpan ang katotohanang bilyun-bilyong pisong porsyento sa maaanomalyang kontrata ang umaakyat sa Malacañang, at na mismong si Marcos ang hari at nasa tuktok ng bundok ng basura ng korapsyon. Tatlong buwan matapos niyang ideklarang "mahiya naman kayo," malinaw sa mata ng taumbayan na si Marcos mismo ang numero unong walang hiya at pinakagarapal sa pagbubulsa ng bilyun-bilyong pisong pondo ng bayan.



Pilit sinasakyan ng pangkating Duterte ang malawak na protesta ng taumbayan pero sasandakot lamang ang kanilang nalilinlang. Hindi nila mapagtakpan ang sariling krimen at pangungulimbat, laluna noong nakaupong presidente si Rodrigo Duterte. Muling nauungkat ang bilyun-bilyong ibinulsa ng mga Duterte sa kontrata sa Pharmally noong panahon ng pandemya, ₱51 bilyon *flood control project* ni Paolo Duterte at ₱125 milyong *confidential and intelligence fund* ni Sara Duterte. Bilyun-bilyong pisong kontrata rin ang napunta sa noo'y alalay ni Duterte na si Bong Go, at iba pang mga alyado.

Sa harap ng lumalaganap na usap-usapan para palitan ang naghaharing rehimen, ipinamalas ng imperyalismong US na matatag nitong sinusuportahan ang papet nitong si Marcos. Kamakailan, personal na binisita ng isang upisyal ng embahada ng US ang pagdinig sa ICI bilang patunay ng suporta nito.

Nanggagalaiti ang taumbayan na sa kabila ng matinding galit sa korapsyon, harap-harapang inulit ni Marcos at mga kasapakat niya sa kongreso ang pagsisingit ng samut-saring *pork barrel* sa badyet sa 2026. Pilit ipinasok ang ₱281 bilyong *pork barrel* ni Marcos sa anyo ng *unprogrammed appropriations*, *confidential and intelligence funds* at iba pa. Nasa ₱414 bilyon naman ang *pork barrel* na paghahati-hatian ng tiwaling mga kongresista at senador.

Patuloy na nabubunyag kung papaanong lahat ng programa ng gubyerno ay batbat ng korapsyon. Liban sa mga proyektong *flood control*, bilyun-bilyong piso din ang kinukulimbat sa mga *farm-to-market road*, *multipurpose building*, *health center*, tulay, daan, gayundin sa pampublikong pondo para sa ayuda, sweldo, pensyon at seguro.

Alam na alam ng mamamayan

kung sinu-sino at nasaan ang mga proyektong ito na kinurakot ng mga korap na upisyal ng gubyerno at militar at mga kasabwat nilang malalaking negosyante. Sa pagtutulungan ng iba't ibang sektor ang mga ito'y marapat na ungkatin, isadokumento, isiwalat at isampal sa mga kriminal na burukrata-kapitalista.

Hindi dapat lubayan ng mga Pilipino ang paniningil at pagpapanagot sa mga burukrata sa kanilang mga pagkilos at protesta. Kaakbay ang mga kabataan, dapat ibayong palakasin ng masang maralitang anakpawis at mga manggagawa ang kanilang tinig laban sa korapsyon, burukratang kapitalismo at pasismo, at para paalingawngawin ang sigaw para sa pagwawakas sa pahirap na rehimeng US-Marcos at paghahari-harian ng pangkatin Duterte.

Pinakalalaganap pa ito sa mga maralitang komunidad at pabrika, kung nasaan pinakamarami at pinakagalit ang masang anakpawis na biktima ng korapsyon at sabwatan ng mga burukrata-kapitalista at malalaking negosyante. Liban sa usapin ng pagbaha sa mga komunidad na bunga ng korapsyon at palpak na gubyerno, dapat patampukin ang usapin ng mababang sahod, malawakang disempleyo ng kabataan, mataas na presyo ng mga bilihin, mataas na gastos sa edukasyon, walang awat na pagtaas ng presyo ng gasolina, bulok na serbisyong panlipunan at iba pa na bunga ng sabwatan ng mga korap na burukrata-kapitalista at hayok sa tubo na malalaking burgesya.

Palawakin pa ang kilusang protesta laban sa korapsyon sa pinakamaraming prubinsya, sa mga bayan at lunsod. Milyun-milyon ang biktima ng palpak at di magamit na mga imprastrukturang pinagwaldasan ng pera ng taumbayan. Tipunin ang kanilang galit sa mga trahedyang dinaranas nila sa tuwing may sakuna ng bagyo, lindol o kahit simpleng pag-ulan. Panagutin ang mga burukrata-kapitalista sa krimen nilang sanhi ng paglubog sa baha ng buobuong komunidad at mga sakahan, pagbagsak ng mga tulay, pagkawasak ng mga kalsada, pagguho ng mga gusali at tirahan at iba pa. Mahigpit ang ugnay sa burukratang kapitalismo ng pagkalugi ng mga magsasaka, mababang sahod ng mga manggagawa, pagbagsak ng kita ng mga drayber, pagsadsad ng kabuhayan ng mga maralita, pagkawala ng tirahan, pagkalubog sa utang, dislokasyon at pagpapalayas sa lupa, at maraming mukha pa ng karalitaan.

Dapat isanib ng mga estudyanteng kabataan at iba pang sektor na tumitindig laban sa korapsyon ang kanilang hanay sa lakas ng masang anakpawis sa kalunsuran at kanayunan. Kung may labis mang kinatatakutan si Marcos na yayanig sa kanyang paghahari, iyan ay ang sabayang pag-*walkout* sa mga paaralan, aklasan ng mga manggagawa, martsa ng mga magsasaka, welga ng mga kawani ng gubyerno, guro at akademiko, tigil-pasada sa pampublikong transportasyon at iba pang anyo ng sama-samang pagkilos ng sambayanan.

Matatag na sumusulong ang dumadaluyong na kilusang protesta ng bayan laban sa korapsyon at burukratang kapitalismo dahil sa pangunguna ng mga pambansa-demokratikong organisasyon at alyansa. Sila ang pinakadeterminado at pinakapuspusan sa pag-abot at pagpukaw sa masa. Sila ang pinakanagpupunyagi na buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa ng bayan laban sa rehimeng US-Marcos.

Habang pinadadaluyong ang kilusang protesta, dapat isabay ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang masiglang kilusang pag-aaral sa lipunan at rebolusyong Pilipino sa hanay ng masa. Dapat walang sawang ipaliwanag na ang korapsyon at katiwalian ay likas sa malakolonyal at malapyudal na sistema, at na mawawakasan lamang sa pagbabagsak sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang hangad ng taumbayan na pagbabago ng sistema ay makakamit lamang sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Kaya dapat itatag ang pinakamaraming balangay ng mga organisasyon ng National Democratic Front sa kanilang hanay at puspusang suportahan at palakasin ang Bagong Hukbong Bayan. Dapat palalimin at palawakin ang pag-ugat ng Partido sa hanay ng masa upang magsilbing gulugod at taliba ng kanilang matagalang pakikibaka. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 20 | Oktubre 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Palawakin ang kilusang protesta para wakasan ang rehimeng US-Marcos 1
Sigaw ng kabataan: Marcos-Duterte, alisin! 3
Mga pagkilos kontra korapsyon, lumalawak 3
Kabataan para sa pambansang demokrasya 4
ISM, ginipit ng rehimeng Marcos 5
Korapsyon ng burukrata-kapitalistang militar 6
14th IB, inambus ng BHB-Leyte 7
Lider-rebolusyonaryo sa Panay, pinarangalan 7
Panawagan ng mga magbubukid 7
Mga propesyunal para sa digmang bayan 8
Sa madaling salita 9
6 na dekadang tagumpay ng magsasaka sa EV 10
Tigil-putukan sa Gaza, hindi sapat 11
Interim release para kay Duterte, ibinasura 11
Mga protesta 11
Pakanang destabilisasyon ng US sa Venezuela 12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Sigaw ng kabataan: Marcos-Duterte, alisin!

Higit 5,000 kabataan at estudyante ang nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila noong Oktubre 17 bilang bahagi ng National Youth Day of Action Against Corruption. Sa pangunguna ng mga pambansa-demokratikong organisasyon, mga konseho ng mag-aaral at alyansa, sigaw ng kabataan: "Marcos-Duterte, Alisin! Bulok na sistema, baguhin!"

Nag-*walkout* ang mga estudyante at naglunsad ng lokal na programa sa kani-kanilang mga unibersidad bago tumungo sa Mendiola. Lumahok sa pagkilos ang mga grupo at estudyante mula sa 28 pampubliko at pribadong unibersidad sa Metro Manila.

Ikinasa rin ng mga estudyante ang *walkout* at mga piket protesta sa Baguio City, Nueva Ecija, Rizal, Cavite, Batangas, Laguna, Quezon, Cebu City, Iloilo City at Davao City. Tampok dito ang higit 700 estudyante, guro at kawani na nag-*walkout* sa Central Luzon State University sa araw na iyon.

Ilang araw bago nito, hiwalay na *walkout* ang inilunsad ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) System (15,000), De La Salle University sa Maynila at Laguna, sa University of the East (UE)-Manila, Our Lady of Fatima University, De La Salle-College of St. Benilde at Mapua University. Nag-*walkout* rin ang mga estudyante ng De La Salle Araneta University sa Malabon City noong Oktubre 20. Sa kabuuan, tinatayang higit 40,000 estudyante at kabataan sa buong bansa ang lumahok sa kilusang *walkout* kontra korapsyon simula Setyembre.

Hindi nagpapatinag ang kabataan sa harap ng pagtatangka ng rehimeng Marcos na supilin sila. Itinuloy nila ang mga protesta sa kabila ng naiulat na sunud-sunod na mga "bomb threat" sa mga unibersidad at eswelahan sa maraming prubinsya sa layuning idiskaril ang dumarami at dumadalas na mga pagkilos.

Binatikos din nila ang panunupil ng estado, kabilang ang pagpapatawag ng Philippine National Police sa mga lider kabataan at mamamahayag pangkampus dahil sa pagkakasangkot sa protesta at salpukan sa Mendiola, Maynila noong Setyembre 21. Kabilang sa mga ipinatawag ng mga pulis ang isang mamamahayag at estudyante ng PUP at organisador ng grupong Kalayaan Kontra Korapsyon.

Noong Oktubre 12, nagtipon ang mga biktima ng karahasan ng mga pulis, marami ay kabataan, sa protestang Setyembre 21 na binansagang Mendiola 277. Kasama ang kanilang mga kaanak, mga abugado at grupo sa karapatang-tao, binuo nila ang Alyansa laban sa Korapsyon at Brutalidad ng Pulis o AKAB. AB

Mga pagkilos ng mamamayan kontra korapsyon, lumalawak

Labas sa pagkilos ng mga kabataan at estudyante, nagpapatuloy din ang protestang kontra korapsyon ng mga manggagawa, maralitang-lunsod, magsasaka, mangingisda, taong simbahan at iba pang sektor. Anila, magtutuluy-tuloy ang mga protesta hangga't walang napapanagot na mga korap sa kanilang krimen sa taumbayan.

Noong Oktubre 7, umabot sa 17,000 ang dumalo at nakiisa sa martsa at misang bayan sa Baguio City. Dalawang araw makalipas, sama-samang nagmartsa ang mga residente ng San Jose Del Monte City sa Bulacan.

Noong Oktubre 11, mahigit 3,000 ang dumalo sa panalangin kontra korapsyon sa Bacolod City. Sa araw ding iyon, libu-libong mananampalataya at taong-simbahan ang lumahok sa isang lakad para sa katarungan laban sa korapsyon sa Sampaloc sa Maynila. Inilunsad rin sa Albay ang isang martsa.

Noong Oktubre 12, naglunsad ng lakad kontra korapsyon sa Santiago City, Isabela kung saan mahigit 500 ang lumahok sa aktbidad. Sa araw ding iyon, isang rali ang muling inilunsad sa Meycauayan, Bulacan. Dalawang araw makalipas, naglunsad ng *fluvial parade* sa Manila Bay ang mga mangingisda ng Cavite.

Noong Oktubre 17, nagkasa ng protesta ang mga unyon ng manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno sa Laguna. Isang rali rin ang isinagawa ng mga progresibong grupo sa Cebu sa araw na iyon. Isang araw makalipas, inilunsad ang isang protesta sa La Trinidad Public Market sa Benguet.

Noong Oktubre 19, libu-libo ang lumahok sa martsa at panalangin laban sa mapangwasak na *dredging*, korapsyon at dinastiya sa pulitika sa Vigan City, Ilocos Sur. Isang araw makalipas, inilunsad ng mga nanay at kababaihan ang isang zumba kontra korapsyon sa Quezon City.

Nagpapatuloy rin ang Black Friday Protest ng mga progresibong grupo. Inilunsad naman ng simbahan kamakailan ang bersyon ng pagkilos kada Biyernes.

Inianunsyo naman ng United People Against Corruption nitong buwan ang planong magsampa ng isang *indemnity class suit* laban sa mga kongresista, kontratista at upisyal ng gubyerno na sangkot sa maanomalyang mga proyektong *flood control*.

Sa Hong Kong at Canada, binuo rin ng mga grupong Pilipino nitong Oktubre ang mga alyansang tutol sa katiwalian sa Pilipinas. AB

Kabataan sa komunidad, makibaka para sa pambansang demokrasya

Noong Setyembre 21, sumambulat sa paanan ng Mendiola ang nag-uumapaw na galit ng kabataan sa malawakang korapsyon at kawalan ng pananagutan ng pinakamatataas na upisyal sa bansa. Marami sa kabataang ito ay nagmula sa mga maralitang komunidad. Puno ng tapang at kapangahasan, kinumpronta nila ang mga pulis na matagal nang nang-aapi sa kapwa nila maralita. Malinaw ang kanilang pananaw na ang mga pulis ay tagapagtanggol ng mga nang-aaping naghaharing uri. Hindi sila nagpasindak. Hindi inalintana ang tirgas, bomba ng tubig, at mga batuta. Malinaw sa kanila ang kawastuhan ng paglaban.

Ayon sa datos ng estado noong Hunyo 2025, nasa 20.2 milyon ang mga kabataan o mga nasa edad 15-24 anyos, mula sa kabuuang populasyon ng bansa na 116.9 milyon. Ang 19.66 milyon sa kanila ay lugmok sa kahirapan. Nasa 7.2 milyon ang kabataang hindi nag-aaral, habang nasa 2.36 milyon ng kabataan ang hindi nag-aaral at hindi rin nagtatrabaho, 50.3% dito ay kalalakihan at 49.7% ang kababaihan.

Bunga ng matinding kahirapan, napipilitan ang mga kabataang Pilipino na maagang maghanapbuhay sa halip na mag-aral. Subalit marami sa kanila ang walang makitang disenteng hanapbuhay dahil sa krisis ng atrasadong ekonomya. Binubuo nila ang malaking bahagi ng uring mala-proletaryado. Bahagi sila ng laksa-laksang reserbang lakas paggawa sa kalunsuran. Kumikita lamang sila sa pamamasukan sa kung anu-anong di regular na trabaho. Ang ilan sa kanila ay natulak sa mga anti-sosyal na gawain dahil wala na silang ibang mababalingan.

Ang mga kabataang maralita, sampu ng kanilang mga pamilya, ay walang maayos na tirahan. Daan-daanlibong pamilya ang nakatira sa mga lugar na nilulubog sa baha tuwing malakas ang ulan. Marahas na dinedemolis ang kanilang mga komunidad o di kaya'y sinusunog ang kanilang mga kabahayan para palayasin sila at ibenta ang lupang kinatitirikan ng kanilang mga bahay sa malalaking kumprador at dayuhang negosyante.

Tulad ng kanilang mga magulang, biktima sila ng korapsyon, kapabayaan at pasismo ng estado. Sila ang mga naging saksi at biktima ng madugong gera kontra droga ng nakaraang rehimeng Duterte na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Madalas silang target ng abuso at brutalidad ng mga pulis at kinakasangkapan sa kanilang iligal na aktibidad. Tulad ng malawak na sambayanan, naghahangad sila ng panlipunang pagbabago, at batid nila, bilang kabataan, ang kanilang tungkulin na baguhin ang lipunan.


Ang papel ng kabataan sa pagsusulong ng pambansang demokrasya

Mahalaga ang papel ng kabataan sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya at demokrasya. Ayon kay Jose Maria Sison, tagapagtatag ng Kabataang Makabayan (KM) at ng Partido Komunista ng Pilipinas, kailangan mag-organisa ng mga kabataan upang labanan ang mga anti-mamamayang patakaran at ipaglaban ang kapakanan nila bilang mga kabataan at bahagi ng mamamayan.

Noong dekada 1960, nanguna ang KM sa paglulunsad ng mga pambansang demokratikong pakikibaka. Militante itong namuno at nag-organisa ng mga kabataan sa mga paaralan, pagawaan, mga propesyunal at sa mga komunidad. Matapos ipataw ang batas militar, marami sa mga kasapi nito ang tumungo sa kanayunan at nagsilbing binhi ng Bagong Hukbong Bayan sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa paglaban sa diktadura noong dekada 1970 hanggang 1986, sumulpot ang marami pang mga grupo ng kabataan na lumaban at nagsakripisyo para wakasan ang rehimeng US-Marcos. Liban sa mga organisasyon sa mga paaralan, binuo ng mga kabataan ang mga samahan sa komunidad. Kabilang dito ang Kadena (Kabataan para sa Demokrasya at Nasyunalismo) na nakabase at binubuo ng mga kabataan sa komunidad. Itinatag ito noong 1984 sa Silang, Cavite upang buklurin ang iba't ibang organisasyon ng kabataan sa komunidad sa balangkas ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya.

Militanteng nag-organisa at nagpakilos ang Kadena ng daan-daang kabataan sa mga sentrong lunsod at mabilis na nakapagpalawak sa iba't ibang panig ng bansa tulad sa Southern Tagalog at sa Visayas. Naging bahagi din



Sundan sa pahina 5

Internasyunal na delegasyon, ginipit ng rehimeng Marcos

Niligalig at tinakot ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines ang mga delegado ng International Solidary Mission (ISM) na naglunsad ng imbestigasyon at pag-aaral mula Oktubre 11 hangang 14. Nasa Pilipinas ang delegasyon para alamin ang nararanasang krisis sa klima, pandarambong sa kalikasan, at militarisayon sa komunidad ng mga magsasaka at katutubo sa Rizal, at sa mga isla ng Mindoro, Samar, Leyte at Negros.

Hayagang tiniktikan at kinuhanan ng litrato ng mga sundalo ang mga pinagdausan ng aktibidad ng ISM. Kinuha nila ang pangalan ng mga delegado, sinundan ng mga armado at minanmanan hanggang sa kanilang tinutuluyan. Ilang beses ding nagpalipad ng *drone* sa ibabaw ng mga kampuhan kung saan isinagawa ang mga imbestigasyon.

Noong Oktubre 14, napilitan ang mga delegado na tapusin nang mas maaga ang aktibidad nito sa Mindoro dahil sa pagdating ng puu-puong pulis at sundalo na may bitbit na mahahabang baril sa kampuhan. Nagdulot ito ng matinding takot sa mga katutubo at delegado. Sa Rizal, tahasan silang pinagbawalang magsagawa ng aktibidad dahil wala silang "permit." Pag-alis ng mga bumisitang delegasyon, tuluy-tuloy na niligalig ng mga sundalo ang katutubong Mangyan sa Mindoro at Dumagat sa Rizal.

Ayon sa ulat ng mga katutubong Dumagat sa Tanay, Rizal dumalas ang presensya ng militar sa komunidad at nagsimulang magpatawag ng mga residente para sa interogasyon matapos ang ISM. Sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro, nagpapatuloy ang panggigipit ng mga sundalo sa komunidad na nakakaapekto sa paghahanapbuhay ng mga residente at nagdudulot ng gutom sa mga magsasaka.

Kasabay ng panggigipit sa ISM, walang awat rin ang pang-aabuso ng militar sa iba pang bahagi ng bansa.

Pasistang paninibasib sa Negros. Walang tigil ang pananalasa at pasistang paninibasib ng mga sundalo sa isla sa nagdaang buwan. Naitala ang patung-patong na mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa kasagsagan ng mga operasyong kombat nito sa maraming barangay.

Pinakahuli sa mga ito ang pamamaril ng 79th IB na nagdulot ng pagkasugat sa magsasakang si Kato Rizal at kanyang menor-de-edad na pamangkin habang kumukuha ng pulot sa Sitio Nabaisan, Barangay Minapasok, Calatrava, Negros Occidental noong umaga ng Oktubre 17. Sa huling ulat ay hindi pa natutunton ang kinaroroonan ng menor-de-edad.

Noong Oktubre 7, niransak ng 94th IB ang bahay ng isang magsasaka sa Sityo Manluki sa Barangay Carabalan. Isang magsasaka rin ang dinukot ng 94th IB sa Barangay Buenavista at sapilitan siyang pinaggiya sa operasyong kombat. Sa Toboso, sapilitang pinasok at niransak ng 79th IB ang bahay ng dalawang magsasaka noong Oktubre 11. Sa Negros Oriental, naulat naman ang panghahalihaw at pagkakampo ng 62nd IB sa mga sentro ng komunidad, simbahan at eskwelahan.

Paglabag sa IHL. Pinahihirapan at ginigipit ng 703rd IBde ang pamilya at mga grupo sa karapatang-tao sa pagbawi sa bangkay ng isang sinasabing Pulang mandirigma na napaslang sa labanan ng militar at BHB sa Norzagaray, Bulacan noong Oktubre 17. Kinundena ng mga grupo sa karapatang-tao ang pagtanggi ng militar na ibigay sa pamilya ang bangkay at militarisasyon sa puneraryang nilalagakan nito. Iba-iba rin ang kwento ng militar hinggil sa nangyaring labanan at paghatid sa bangkay.

Sa North Caloocan, tumindi ang militarisasyon ng NTF-Elcac at ng 12th Civil Military Operation sa mga barangay simula noong Oktubre 6. Sinakop ng militar ang Barangay 175, 181-182 Pangarap Village at Barangay 187-188. Inilulunsad nito ang kampanya ng *Red-tagging* at panggigipit sa mga myembro ng progresibong grupo.

Pagpatay. Brutal na pinatay ng kalalakihang sakay sa motorsiklo si Niruh Kyle Antatico noong Oktubre 10 sa Barangay Patag, Cagayan de Oro City. Si Antatico ay isang dating *senior legal researcher* sa National Irrigation Administration Region 10 na sinasabing nagsiwalat ng napakaraming katiwalian at anomalya sa loob ng ahensya kabilang ang nawawalang pondo, *substandard* na proyekto, at mga pekeng kontrata. Nanawagan ng hustisya ang Nafeda-Courage para kay Antatico. AB

Mula sa pahina 4

sila sa pagpatalsik sa diktadurang Marcos noong 1986. Natigil ang pag-oorganisa ng Kadena bandang 1990. Sa puwang na iniwan nito, itinayo ang organisasyong Anakbayan, na nag-organisa ng mga kabataan sa komunidad at naging bahagi sa pagpapatalsik sa rehimeng Estrada noong 2001.

Pinatunayan ng mga grupong KM, Kadena at ng iba pang organisasyon na ang komunidad ang hindi natutuyong balon ng militanteng kabataan na matapang at mapangahas na nagsusulong ng adhikain para sa pambansa-demokratikong mithiin ng sambayanan.

Sa ipinakitang militansya noong Setyembre 21, tiyak na sisigla pang lalo ang pagkilos ng mga kabataan, laluna mula sa mga maralitang komunidad, na tutungo sa lansangan at sa kanayunan upang ipaglaban ang tunay na panlipunang pagbabago at paglaya na matagal nang inaasam ng malawak na sambayanan. AB

Nakasusulasok na korapsyon ng burukrata-kapitalistang militar

Sa pagsambulat ng korapsyon ng burukratikong kapitalistang sistema, hindi kataka-taka ang sabay na pag-alingasaw ng baho ng mga burukrata-kapitalista sa hanay ng militar. Nabunyag kamakailan ang maaanomalyang proyektong imprastruktura na kinasasangkutan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) kasabwat ang tiwaling mga kontraktor. Lumitaw na rin na may malaking parte ito (₱50 bilyon) sa *unprogrammed appropriations* para sa 2026 mula sa *pork barrel* ng presidente.

Aabot sa ₱15 bilyon ang kinurakot at winaldas sa 944 imprastrukturang militar sa ilalim ng Tatag ng Imprastraktura para sa Kapayapaan at Seguridad (TIKAS) Convergence Program mula 2023 hanggang kasalukuyan. Nabunyag sa pagdinig ng senado na 421 sa mga proyektong ito ay hindi totoo (*ghost*) habang ang 648 na inilistang "tapos na" gayong tumigil ang konstruksyon sa mga sa panimulang antas at sa gayon ay hindi ito magagamit.

Niloloko ng hepe ng AFP na si Romeo Brawner Jr ang taumbayan sa pagsasabing walang kinalaman ang militar sa pangungulimbat sa pondong TIKAS, lalo't ang mga kumander ng AFP Unified Command at panrehiyong direktor ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang nagtatakda kung ano at saan itatayo ang mga proyekto nito. Magkatuwang na pinangangasiwaan ng Department of National Defense (DND) at DPWH ang pagtatakda ng pamantayan, pagpaplano at pagsubaybay sa implementasyon sa pamamagitan ng TIKAS Central Technical Working Group. Gayundin, lahat ng mga proyektong TIKAS ay nasa loob o paligid lamang ng mga kampo militar.

Katiwaliang likas sa burukrasya

Tulad ng mga kapwa nila kurakot sa burukrasyang sibil, ginagamit ng mga burukrata-kapitalista sa militar ang pusisyon nila sa estado para magkamal ng yaman. Itinatag ng imperyalismong US ang pasistang AFP noong 1935 upang magsilbing haligi ng gubyernong Komonwelt, nauna pa sa itinayo nitong papet na estado noong 1946. Lumaki ito nang lumaki sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr tungong 142,000-sundalo para sa brutal na implementasyon ng batas militar. Mula noon, tuluy-tuloy itong binundat ng suhol, kontrata at pabor ng nagsalit-salitang naghaharing pangkatin mula kay Corazon Aquino hanggang sa kasalukuyang rehimen.

Sa nagdaang mga dekada, naisadokumento ang pagkopo ng mga heneral ng sobrang pinresyuhang mga kontrata ng pagbili ng mga kagamitang militar kabilang ang mga baril, howitser, *armored vehicle*, *jetfighter*, helikopter at barko. Nasiwalat na tumatabo ang mga heneral ng 10-30 porsyentong kikbak sa mga kontrata para sa bala at baril. Talamak ang mga *ghost delivery* ng suplay, pekeng mga transaksyon para sa mga armas at kagamitan, at pakikipagsabwatan sa mga suplayer at kontraktor.



Noong 2011, tumampok ang maanomalyang tradisyon ng "pabaon," kung saan taun-taon na tinitipon ang aabot sa ₱1.5 bilyon badyet ng DND bilang panggantimpala sa mga nagreretirong heneral. Maging ang pensyon ng mga sundalo na buong pinopondohan ng estado ay kinukulimbat sa pamamagitan ng pagbabayad sa libu-libong "ghost retiree."

Mahilig ang mga heneral sa pagpapagawa ng magagarang upisina at pampaganda ng mga kampo na pinagkukunan nila ng malalaking kikbak. Bantog din sila sa madalas na pagbabakasyon sa labas ng bansa kasama ang kani-kanilang mga pamilya, mamahaling sasakyan at bahay, at pangkalahatang magagarang pamumuhay.

Noong 2018, isa pang senador ang nagsiwalat ng malawakang korapsyon ng "Davao Group," isang grupo ng mga heneral na malapit kay Rodrigo Duterte, sa pagbili ng mga armas at gamit-militar sa tabing ng "modernisasyon" ng AFP. Nitong Oktubre, kinasuhan sa Ombudsman ang koronel na nagsisilbing hepe ng grupong panseguridad ni Sara Duterte dahil sa pagkakasangkot niya sa pangungulimbat ng bise presidente sa ₱125 milyong *confidential and intelligence funds*.

Tambalang AFP at NTF-Elcac

Malaki rin ang ibinubulsa ng mga upisyal militar mula sa mga programang kontra-insurhensya tulad ng E-CLIP na ginagamit para sa huwad na programa ng "pagpapasurender" sa mga sibilyan at mga proyektong imprastruktura ng Barangay Development Program ng NTF-Elcac.

Sa kaso ng BDP, mga yunit ng AFP ang nagtatakda kung saang mga barangay ilalatag ang *farm-to-market road* (FMR). Marami sa mga ito ay *ghost project*, habang ang iba ay duplikasyon, sobra ang presyo, ma-

Sundan sa pahina 7

14th IB, inambus ng BHB-Leyte

SA LAPIT NA limang metro, pinaputukan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Leyte Island (Mt. Amandewin Command) ang pasistang tropa ng 14th IB sa bayan ng Javier, Leyte noong Oktubre 15 ng umaga. Ayon sa yunit, marami ang naitalang kaswalti sa mga berdugong sundalo.

Ang yunit ng 14th IB na nasa erya ay nagsasagawa noon ng tinatawag na *combat-clearing operations* sa mga burol at ilog sa pagitan ng Barangay Odiong at Barangay Caraye sa Javier. Parte ang operasyon ng malawakang operasyong kombat ng 14th IB sa mga barangay na saklaw ng mga bayan ng Javier at Abuyog.

Pataksil at duwag na ibinaling ng 14th IB ang atake nito sa sibilyang mamamayan sa Barangay Caraye, Javier. Kasunod ng opensiba ng BHB, ipinataw ng 14th IB sa komunidad ang *hamlet* o "lockdown" kung saan pinagbabawalan ang masa na tumungo sa kanilang sakahan.

Para pagtakpan ang kanilang pagkatalo, nagpakana ang 14th IB at 802nd IB na may nakumpiska silang riple mula sa BHB sa pag-atake. Naglabas pa sa *social media* ang militar ng mga pekeng larawan ng mga baril na "naiwan" umano ng BHB.

Mula sa pahina 6

baba ang kalidad, at inilatag sa di ligtas o di angkop na mga bahagi ng barangay. Nagsisilbing gwardya ng mga proyektong ito ang mga batalyon ng AFP.

Sa Northern Mindanao, halimbawa, binigyan ng pondo ang AFP at NTF-Elcac ng ₱17.6 bilyon para sa 142 FMR noong 2020. Marami sa mga barangay na nabiyayaan nito ay may mga kampo, detatsment o presensya ng RCSP ng AFP. Ang pinakamahal sa mga FMR na ito ay nagkakahalaga ng ₱67.5 milyon kada kilometro, limang beses na mas mataas kumpara sa pambansang abereyds. Halos lahat ng mga kontrata ay nakopo ng Ulticon Builders, na malapit sa noo'y rehimeng Duterte.

Sa Samar, umabot ng apat na taon bago natapos ng NTF-Elcac noong 2024 ang pagsesemento sa 400-metrong kalsada na inilatag ng mga sundalo sa gitna ng palayan. Nagkakahalaga ang proyekto ng tumataginting na ₱14 milyon, o ₱35,000 kada metro. Umabot lamang ang kalsada sa dulo ng kanugnog na barangay at malayong-malayo sa mga sentrong bayan.

Kasabay nito, kinukurakot din ng mga sundalo ang pondo para sa pinasusuko nilang mga sibilyan. Kahit ang mga ayudang bigas at delata ay nileletratuhan lamang na ipinamimigay subalit binabawi rin matapos ang mga parada at pakitang-taong mga seremonya na kontra sa rebolusyonaryong kilusan. AB

Lider-rebolusyonaryo sa Panay, pinarangalan

PINAGPUGAYAN NG Komiteng Rehiyon sa Panay ng Partido Komunista ng Pilipinas ang isa sa mga itinatanging lider ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na si Roberto Moises Cabales (Kasamang William) na pinatay ng militar at pulis noong Oktubre 5 ng gabi sa Barangay Coto, Lambunao, Iloilo. Pinalalabas ng mga pwersa ng estado na nanlaban si Cabales at kasama niyang si Mateo Suarez (Kasamang Badong) habang diumano'y inihahain sa kanila ang isang mandaymento de aresto. Pinabulaan ng mga residente ng barangay na may naganap na engkwentro.

Sa kanyang kabataan, nag-aral para maging duktor si Cabales. Sa loob ng ilang dekada, nagsilbi siya sa masang Pilipino at naging katuwang ng Komiteng Rehiyon sa pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan sa Panay. Si Cabales ay naging isa ring bilanggong pulitikal noong 1999.

Samantala, si Suarez ay isang dating myembro ng BHB na nagpasyang umalis ilang taon na ang nakalipas dahil sa kalagayang pisikal. Matapos nito, nanatili siyang tapat at mataas ang hangaring makatulong at tumuwang sa rebolusyonaryong kilusan. Naging isang bilanggong pulitikal rin si Suarez noong 2012.

Panawagan ng mga magbubukid, dinala sa pambansang kabisera

NAGLUNSAD NG ISANG linggong protesta ang mga organisasyon ng magsasaka kasama ang iba't ibang sektor bilang paggunita sa buwan ng mga pesante. Para itampok ang panawagan ng mga magbubukid, itinayo nila ang isang kampuhan sa harap ng Department of Agrarian Reform Central Office sa Quezon City simula Oktubre 15 hanggang 21. Inilunsad sa kampuhan ang pagbisita, pakikiisa at talakayan kasama ang iba't ibang sektor. Nagkaroon ng mga *workshop*, *medical mission* at pagbibigay ng materyal na suporta sa mga magbubukid.

Liban dito, isang rali ang pinangunahan ng Amihan noong Oktubre 15 para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Magsasaka. Noong Oktubre 16, nagmartsa muli ang mga grupo sa Quezon City sa pangunguna ng mga magsasaka mula sa isla ng Negros para sa Pandaigidang Araw ng Kagutuman. Kinabukasan, nagprotesta sila sa hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines sa Quezon City para kundenahin ang militarisasyon sa kanayunan. Isang gabi ng pagtatanghal ang inilunsad nila at ng mga grupo ng artista noong Oktubre 19 sa UP Diliman. Nagprotesta rin sila sa Department of Social Welfare and Development noong Oktubre 20 para igiit ang kumpensasyon para sa pinsalang dulot ng sakuna.

Lulundo ang protesta ng mga magsasaka sa Oktubre 21, anibersaryo ng bogus na reporma sa lupa ng Presidential Decree No. 27 ni Marcos Sr. Kikilos sila kasama ang iba pang sektor sa Liwasang Bonifacio laban sa korapsyon ng rehimeng Marcos at pangkating Duterte. Ipapanawagan nila ang pagpapaalis sa poder sa dalawang punong kurakot.

Binabagtas ng mga propesyunal ang landas ng digmang bayan



Sa harap ng papatinding pasismo ng rehimeng Marcos, lalong nag-aalab ang rebolusyonaryong determinasyon ng mga guro, duktor, nars, siyentista, inhinyero at iba pang propesyunal na lumahok at sumuporta sa digmang bayan. Tuluy-tuloy na nilang pinalalakas ang kani-kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon para magsilbing balon ng suporta at bagong mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa inspirasyon ng kilusang pagwawasto ng Partido, muling pinalakas ang Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma), Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) at Liga ng Agham para sa Bayan (LAB). Masiglang namamahayag ang mga samahang ito sa mga maiinit na usaping pambayan. Regular o madalas nilang inilalabas ang kanilang mga rebolusyonaryong pahayagang masa: Ang Rebolusyonaryong Lunas at Dagling Lunas (MSP), Liyab (Kaguma) at Agham Bayan (LAB).

Mga makabayang guro

Noong Enero, naitatag ng Kaguma ang isang bagong balangay sa isang unibersidad. Kabilang sa nahirang bilang upisyal ng balangay ang bagong myembro nitong si Ka Amber na narekrut noong huling bahagi ng 2024. "Nangangapa pa ako sa ngayon ngunit kailanman ay hindi ko naramdaman na kulang ako kahit baguhan ako dahil sa mabuting pakikitungo at pag-alalay ng mga kasama," ayon kay Ka Amber.

Sa harap ng maraming trabaho at mga personal na kinakaharap sa buhay, nagsisikap siya para tuluy-tuloy na gumampan sa tungkulin bilang upisyal ng balangay. Aniya, nagagawa niya ito sa pananalig at pagkapit sa mga prinsipyo at pagtugon sa katanungang "bakit" at "para kanino."

Ayon sa Kaguma, kailangang palakasin nito ang sarili para tuwirang makalahok sa armadong pakikibaka, mag-ambag sa BHB, at tumulong sa pag-organisa sa kanayunan para sa pagpapanday ng rebolusyonaryong pagkakaisa at pakikibaka ng mamamayan.

Paglunas sa krisis ng lipunan

Sa isang larangang gerilya sa Luzon, pumasok ang isang pangkat ng MSP na binubuo ng mga duktor, propesyunal at mga estudyanteng pangkalusugan para magsagawa ng isang misyong medikal para sa masa at hukbo. "Sa pagpasok sa sona, hindi madali ang aming mga pinagdaanan at naging karanasan lalo na at kasagsagan ng malakas na pag-uulan," pagbabahagi ng isang duktor.

Itinayo nila ang isang klinik kung saan idinaos ang konsultasyon sa mga pasyente at paganahin ang maliit na laboratoryo. Tinugunan ng MSP ang mga simple at kumplikadong mga karamdaman ng mga Pulang mandirigma, kapwa pisikal at pangkaisipan.

Sa loob ng hukbo, naranasan nila ang simpleng buhay, ang mga sakripisyo sa pagsusulong ng digmang bayan at ang mainit na pagtanggap ng masang magsasaka. "Ang mga karanasan kong ito ang mas lalong nagpatibay at nagpaalab ng aking rebolusyonaryong diwa," kwento pa ng duktor.

Samantala, naglunsad ng asembliya noong Agosto 2 ang mga estudyanteng pangkalusugan mula sa iba't ibang unibersidad para itatag ang isang balangay ng MSP. Malaking hakbang ito para sa pagpapayakap ng MSP sa mga estudyanteng pangkalusugan sa demokratikong rebolusyong bayan.

Mga siyentista para sa DRB

Anim na buwan ang programa para sa *tour-of-duty* (TOD) sa BHB ni Ka Langga, myembro ng LAB at isang dating estudyante ng kursong *computer engineering* sa isang pribadong unibersidad. Sa panahon na ito, tumining ang kanyang kagustuhan na magsilbi nang buong-panahon sa kanayunan. "Noong nag-TOD ako, mas napatatag ang kapasyahang magpultaym dahil nakita ko na ito nang buo at napatunayan ang kawastuhan at pangangailangan na maglingkod bilang mandirigma," aniya.

Namalas niya mismo ang mainit na pagtanggap at pagmamahal ng masa sa hukbong bayan sa larangang kinikilusan. "Sila, na pinakapinagsasamantalahan sa lipunan, ay may puwang pang pakainin ang mga mandirigma, tumuwang para sa pagkuha ng suplay para sa pagpapanatili ng hukbo, at lumahok sa mga rebolusyonaryong gawain," kwento niya.

Sa kalunsuran, patuloy ring pinapanday ng LAB ang mga aktibista at kadre nito bilang mga pultaym na organisador sa sektor. Paraan din ito para itaas ang kamulatan at kahandaan ng kanyang mga myembro na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka tulad ni Ka Langga.

Halaw sa Liyab, Ang Rebolusyonaryong Lunas at Agham Bayan. AB

SA MADALING SALITA

₱243 BILYON
unprogrammed appropriations

hahawakan ni Marcos sa 2026 badyet na ipinasa ng House of Representatives. Kabilang ito sa kabuuang ₱696 bilyon na pondong *pork barrel* para sa Malacañang at Kongreso.



₱10.3 BILYON

na mga proyektong *farm-to-market* sa 2023 at 2024 badyet ang pinatungan nang 70% ang presyo. Pinakamataas ang halaga na ₱348,000/metro na 23 ulit na mas malaki sa itinakdang ₱15,000/metro ng DPWH.

82.4%

ng mahigit **1.89 milyong magsasaka** sa Eastern Visayas ang walang sariling lupa. Sa kabila nito, walang matinong programa ng reporma sa lupa ang reaksyunaryong gubyerno para sa kanila.

₱8.8 BILYON

lugi ng GSIS dahil sa naluging pamumuhunan sa mga pribadong kumpanya. Banta ito sa pinaghirapang impok ng mga kawani sa gubyerno, na rekisitong ilagak sa ahensya para sa kanilang pensyon.



7 sa 14

kooperatiba ng mga drayber sa **Iloilo** na pumaloob sa huwad na programang modernisasyon ay nasa bingit ng pagkalugi ngayon dahil sa di mabayarang utang sa pagbili nila ng mamahaling *e-jeep*.

37.8 MILYON

Pilipino ang dumanas ng katamtaman at matinding kawalan ng pagkain dulot ng kahirapan noong 2022-2024. 55 milyon o 44% ay walang kakayahang bumili ng masustansyang pagkain.

11 taon

mula nang patayin ni US Marine Joseph Scott Pemberton ang *transwoman* na si **Jennifer Laude**. Sa kabila ng hatol ng pagkakasala, ginawaran ni Rodrido Duterte si Pemberton ng *absolute pardon* at pinahintulutang makauwi sa US.



6 malalakas na lindol (mahigit *magnitude* 6)

ang yumanig sa Pilipinas sa loob ng 18 araw na tumama sa Bogo, Cebu; Manay, Davao Oriental; General Luna, Surigao del Norte at Pagudpud, Ilocos Norte. Mula Setyembre 30 hanggang Oktubre 17, nakapagtala ang Philvocs ng di bababa sa 14,220 *aftershock*, kung saan 12,704 galing sa bagong diskubre na Bogo Bay Fault.

Pinagkunan: Phivolcs



Koresponsal

6 na dekada ng mga nakamit ng kilusang magsasaka sa Eastern Visayas

Sa harap ng laganap at tumitindi pang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa Eastern Visayas (EV), marapat lamang na magbalik-tanaw ang masang magsasaka sa kasaysayan ng kanilang sama-samang pakikibaka. Dapat silang humalaw ng mga aral at inspirasyon sa anim na dekada ng maniningning na tagumpay na nakamit sa sama-samang pakikibaka.

Gamit ang rebolusyonaryong gabay para sa reporma sa lupa ng Partido, kumilos ang malawak na masa ng magsasaka sa EV sa landas ng pakikibaka para ibaba ang upa sa lupa, itaas ang sahod ng mga manggagawang-bukid, pawiin ang usura at itaas ang kanilang produksyon.

Sa mga sakahan, hinarap ng mga magsasaka ang mga panginoong maylupa (PML) sa mga kumprontasyon para igiit ang kanilang karapatan. Sa mga koprasan, nakamit nila ang 60-40 na hatian sa netong kita pabor sa magsasaka mula sa dating kaayusan na 90-10. Naitulak nila ang mga PML na balikatin ang 50% ng gastos sa paghahakot ng kopras, kaya tumaas ang kita ng magsasaka.

Sa mga lugar na naabot ang mas mataas na antas ng pagkakaisa, naipanalo ng mga magsasaka ang kaayusang 50-50 kung saan binabawas na ang gastos sa paghahakot ng produkto bago ito paghatian. Tagumpay ito mula sa dating kaayusan kung saan walang ambag sa produksyon ang PML. Sa mga lugar kung saan laganap ang kaayusang tersyuhan (1/3 na hatian) na pabor sa PML, naipanalo ng mga magsasaka ang hatiang 50-50.

May mga lugar din na naigiit ang pagpapababa ng interes sa utang mula 20% kada buwan tungong 10%, at walang tubo kung makakabayad bago ang isang buwan. Naalis na rin ang kundisyong tubos sa mga isinangla na lupa at kapag naabot na ang 100-150% tubo mula sa ginamit na kapital ay awtomatikong ibabalik ang lupa sa magsasakang nagsangla. Naitulak rin na patuloy na makapagsaka sa isinanglang lupa ang magsasaka para matiyak na may mapagkukunan siyang pambayad at para sa arawang gastos.

Sa ilang erya, naipatupad ang kumpiskasyon ng lupa mula sa mga despotiko at kontra-rebolusyunaryong panginoong maylupa bilang anyo ng hustisya sa pagsasamantala at kabayaran sa utang na dugo sa masa. Mayroon namang mga kaso na inokupa ng mga magsasaka ang mga tiwangwang na lupa ng PML, habang mayroong mga naliwanagang PML na boluntaryong nagpapahiram o nagbibigay ng kanilang lupa at iba pang kagamitan sa produksyon.

"Kung wala ang kilusan, setler sa sariling bayan ang mga magsasaka," pahayag ng isang magsasaka. Hanggang ngayon, tinatamasa pa rin nila ang malaking tulong at pakinabang ng mga lupang ito.

Tuluy-tuloy din ang kampanya para itaas ang kakayahan sa produksyon ng mga magsasaka. Ipinalaganap ang kampanyang "tiklos-aglayon" kung saan kolektibong nagtutulungan ang mga magsasaka para sa produksyon. Napalawak nito ang mga taniman, napagaan at napabilis ang trabaho, nabawasan ang gastos, natiyak na sapat ang pagkain at higit sa lahat ay nagsanay para sa kolektibong pagkilos.

Nagkaroon din ng pamamahagi ng kalabaw bilang pangunahing gamit sa mga indibidwal at komunal na produksyon. Nagbuo rin ang mga magsasaka ng sistema para mamaksimisa sa pagbubungkal ang mga donasyong traktor at iba pang kagamitan sa produksyon mula sa mga ahensya ng estado at mga pribadong organisasyon.

Naitayo ang mga kooperatiba tulad ng mga gilingan at tindahan ng batayang pangangailangan. Mayroon ding kooperatiba para maibenta sa tamang presyo ang ani at mga produkto. Maliban sa serbisyo at murang presyo ng mga batayang bilihin, dagdag kita sa samahan ang nakukuha mula sa dibidendo. May mga kooperatiba na nagsilbing puhunan ang kita para makabili ng kagamitan sa produksyon tulad ng lupa at kalabaw.

Ilan lamang ito sa maraming tagumpay ng kilusang magsasaka sa rehiyon. Patuloy nila itong ipinagtatanggol laban sa pinaigting na presensya at tuluy-tuloy na atake ng rehimeng Marcos at ng mga yunit ng 8th ID sa kanilang komunidad. Sa harap ng terorismo ng estado, ang mga tagumpay at karanasang ito ang nagsisilbing materyal na batayan para higit pang ipagtanggol ng magsasaka ang kanilang buhay at kabuhayan, at ipaglaban ang isang lipunang tunay na demokratiko at malaya. AB



Tigil-putukan sa Gaza, hindi sapat; pagtigil sa henosidyo, ipinanawagan

Ipinatupad sa Gaza mula Oktubre 14 ang isang tigil-putukan sa pagitan ng Zionistang estado ng Israel at grupong Hamas na pinamagitan ng US. Taliwas sa ipinagmamayabang ng presidente ng US na si Donald Trump, hindi ito isang "regalong diplomatiko," kundi resulta ng di natitinag na paninindigan ng mamamayang Palestino na tumangging isuko ang kanilang bansa. Daanlibong Palestino na ang naglalakad pabalik ng Gaza City para unti-unting bawiin ang buhay nilang winasak ng henosidyo ng Israel.

Sa kabila ng kasunduan, tuluy-tuloy ang mga paglabag ng Israel sa mga karapatan ng Palestino. Nasa 97 ang pinatay ng mga pwersa nito mula Oktubre 14 hanggang Oktubre 19. Noong Oktubre 19, biglang itinigil ng Israel ang pagpasok ng daan-daang trak na nagdadala ng pagkain sa loob ng Gaza.

Sa bahagi ng Hamas, tinupad na nito ang probisyon ng pagpapalaya sa lahat na 20 natitirang hawak nitong buhay na bihag. Sinimulan na rin nitong ilipat ang kustodiya ng 23 bangkay ng mga bihag na napatay dahil sa walang awat na pang-aatake ng Israel.

Noong Oktubre 7 at mga araw matapos nito, ginunita ng milyun-milyong mamamayan sa buong mundo ang ikalawang taon ng Al Aqsa Flood para suportahan ang makatarungang paglaban ng mga Palestino at kundenahin ang henosidyo. Nagkaroon ng dambuhalang mga pagkilos sa UK, The Netherlands, Spain, Italy, US, Canada at Japan. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Pilipinas, kabilang ang protesta ng mga grupong pambansa-demokratiko laban sa paggamit ng Israel sa pagkain at ayuda bilang armas. Noong Oktubre 17, nagkaroon ng kampuhan para sa Palestine ang mga estudyante sa loob ng kampus ng Ateneo de Manila University.

Sa taya ng mga syentista at dalubhasa, 680,000 na ang kabuuang namatay sa Palestine, kung saan 380,000 ay mga sanggol at mga batang edad 5 pababa. Ang higit 68,000 sa kanila ay direktang napatay ng mga bomba at bala ng mga sundalong Israeli.

Nakapagtala naman ang mga internasyunal na ahensya ng 400 na pagkamatay dahil sa matinding gutom, kasama ang 140 bata. Samantala, nasa 3,000 ang napatay habang naghihintay o nakikipag-agawan ng ayuda at pagkain, marami sa mga "death trap" ng Gaza Humanitarian Foundation na pinatatakbo ng mga sundalong Amerikano at Israeli. AB

Petisyon para sa *interim release* ni Duterte, ibinasura ng ICC

IBINASURA NG MGA husgado ng Pre-Trial Chamber 1 ng International Criminal Court (ICC) ang petisyon ni Rodrigo Duterte para sa *interim release* o pansamantalang paglaya noong Oktubre. Anito, malaki ang potensyal na takasan niya ang hustisya at pakialaman ang mga saksi lalo't nananatiling makapangyarihan ng kanyang pamilya sa Pilipinas.

Mabigat na isinaalang-alang ng ICC ang impluwensya sa pulitika ng pamilyang Duterte. Binanggit ng korte ang pahayag ng kanyang anak na si Sara Duterte na nagmayabang na "itatakas" niya ang kanyang ama sa ICC at akusasyong "pagsasabwatan" ng ICC at ng gubyerno sa Pilipinas.



Aksyon kontra demolisyon sa Marikina. Napigilan ng mga residente ng Agora, Barangay Sto. Niño, Marikina City ang planong demolisyon sa kanilang komunidad noong Oktubre 15. Nagtayo sila ng kampuhan noong Oktubre 14. Mahigit 53 maralitang pamilya ang nanganganib na mapalayas sa komunidad sa kabila ng kanilang mahigit 40 taon na paninirahan sa lugar. Dahil sa protesta, nangako ang lokal na gubyerno ng relokasyon para sa mga apektadong residente.

Barikada sa Benguet. Umabot sa 400 residente ng dalawang barangay sa Mankayan, Benguet ang nagbarikada noong Oktubre 13 laban sa panghihimasok ng Crescent Mining and Development Corporation sa kanilang lupang ninuno. Nagsilbi rin itong pormal na pagtatag ng alyansang No Mines Movement of Guinaoang and Bulalacao.

Pagkilos kontra-mina sa Dupax del Norte, NV. Simula Setyembre 17 ay nagtitirik ng barikada ang mga residente ng Barangay Bitnong sa Dupax del Norte sa Nueva Vizcaya laban sa Woggle Corporation. Tumindi ang gitgitan ng mga residente at kumpanya nang maglabas ang isang korte sa prubinsya ng Temporary Restraining Order noong Oktubre 14 laban sa barikada. Binuwag ng mga pulis ang barikada noong Oktubre 16 at inaresto ang tatlong residente. Kaagad din silang nakalaya.

Kaliwa't kanan na kinundena ng mga residente, simbahan, grupo at indibidwal ang pagdarahas ng pulis. Naglunsad sila ng karaban at protesta sa Nueva Viscaya Provincial Capitol noong Oktubre 20 upang kundenahin ang kawalang-aksyon ng lokal na gubyerno. Naglunsad din ng pagkilos sa parehong araw ang grupong Kalikasan PNE sa tapat ng Department of Environment and Natural Resources.

Nakatakda ding maglunsad ng protesta sa Oktubre 21 ang Anakbayan United Kingdon at iba pang pambansang demokratikong organisasyon sa UK sa upisina ng Metals Exploration PLC Office sa London upang kundenahin ang pandarambong sa kalikasan ng kanilang kumpanya.

Panibagong kampanyang agresyon at destabilisasyon ng US laban sa Venezuela

Mula Setyembre, anim na sasakyang pandagat na mula diumano sa Venezuela ang pinasabog ng US sa Carribean Sea sa akusasyong naglalaman ang mga ito ng mga “narko-terorista” at nagbibyahe ng iligal na droga. Isinagawa ang mga pagpapasabog bilang bahagi ng panibagong serye ng agresyong militar sa Venezuela na walang batayang inaakusan ng presidente ng US na si Donald Trump na sumusuporta sa mga "narko-terorista." Umabot na sa 27 ang ekstra-hudisyal na pinatay ng US sa mga pag-atakeng ito.

Kasabay ng mga pagpapasabog, pinaigting ng US ang presensyang militar ng US sa Caribbean Sea sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga *warship*, isang *nuclear-powered* na submarino, at iba pang sasakyang pandigma. Nagpapalipad rin ito ng mga helikopter, *fighter jet* at mga B-52 *bomber* sa internasyunal na himpapawid malapit sa Venezuela.

Inatasan din ni Trump ang Central Intelligence Agency na maglunsad ng mga sikretong operasyon sa loob ng Venezuela laban sa gubyerno at mamamayan nito. Alinsunod ito sa anunsyo ni Trump na isagawa ang higit pang aksyong militar laban sa Venezuela at pakanang pagpapalit-rehimen sa soberanong bansa. Nagpataw pa ng $50 milyong pabuya si Trump para sa pag-aresto ng presidente ng Venezuela na si Nicolas Maduro. Dagdag ang mga ito sa umiiral nang mga sangsyon sa ekonomya na matagal nang ipinataw ng US at alyado nito sa bansa.

Kasapakat ng imperyalismong US sa kampanyang agresyon ang mga maka-Kanang grupo sa loob ng Venezuela. Noong unang linggo ng Oktubre, isiniwalat ng gubyerno ni Maduro ang pagtatangka ng mga grupong ito na magsagawa ng isang operasyong "false flag" kung saan magtatanim at magpapasabog ito ng bomba sa embahada ng US sa Caracas, kabisera ng Venezuela, para painitin pang lalo ang tensyon.

Bagaman sarado ang embahada mula nang natigil ang diplomatikong ugnayan ng Venezuela at US noon pang 2019, mayroong mga empleyado at pwersa sa seguridad na nananatili sa gusali. Kasunod ng balitang ito, ipinatigil ni Trump ang anumang pagsisikap ng kanyang gubyerno na makipag-usap at makipagkasundo sa Venezuela.

Hindi nagpatinag ang Venezuela at gubyernong Maduro sa mga pag-atake at pagbabanta ni Trump. Ayon kay Maduro, "hinding-hindi sila makapapasok sa Venezuela" at handang ipagtanggol ng militar at mamamayang Venezuelan ang kanilang bansa at soberanya.



Pandaigdigang suporta sa Venezuela

Malawakang binatikos ng mga grupo sa buong mundo ang agresyon ng US at ni Trump sa Venezuela. Nanawagan ang International League of Peoples' Struggle (ILPS) na labanan ang pagtatangkang palitan ang gubyerno ng Venezuela at lahat ng porma ng *hybrid* na pakikidigma na tumindi sa ilalim ni Trump.

Walang tigil ang agresyon ng US sa gubyerno ng Venezuela mula nang tumindig ito laban sa mga imperyalistang dikta nito. "Walang tigil ang pagtatangka ng US na pabagsakin ang demokratikong halal na gubyerno ng Venezuela, determinadong higupin ang kita mula sa langis ng bansa para payamanin ang mga monopolyo kapitalista at mga mamumuhunan," ayon sa ILPS.

Pahayag ng grupo, ang agresyon ng US ay magtutulak lamang sa paparaming mamamayan ng daigdig na suportahan ang Venezuela at kanilang makatarungang pakikibaka para sa pambansang soberanya laban sa imperyalismong US.

Sa Pilipinas, pinangungunahan ng Philippine-Bolivarian Venezuela Friendship Association at Bagong Alyansang Makabayan ang pagsuporta sa gubyerno at mamamayan ng Venezuela. Mahigpit silang nakikipag-ugnayan kay Chargé d'Affaires Richard Espinoza Lobo ng Bolivarian Republic of Venezuela Embassy para sa iba't ibang aktibidad at pagtitipon.

Kabilang na rito ang pakikipagpulong nila sa mga kinatawan ng Makabayan Bloc sa House of Representatives noong Oktubre 13. Nabuo rito ang planong pagsusumite ng Makabayan Bloc ng isang resolusyon sa Kongreso para batikusin ang militarismo ng US at suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa kapayapaan, pambansang soberanya at karapatan sa sariling pagpapasya ng lahat ng mga bayan. AB